DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v1i1.195

# Pagsusuring Pangnilalaman sa mga Piling Awitin ni Max Surban: Mungkahing Gabay ng Pagtuturo

**PATRICE MAE M. CABRIDAS**
Department of Education, Haguilanan High School,
Haguilanan, Catigbian, Bohol

***Corresponding Author: ccabridaspatricemae@gmail.com***

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: November 29, 2023
Revised: January 15, 2024
Accepted: March 7, 2024
Publication: April 2024

***Keywords***— pagsusuring pangnilalaman, mga piling awitin ni Max Surban, lokal na awitin, kultural na pagpapahalaga ng mga Pilipino, dimensyong pantao, kontekstuwalisasyon

Naglalayon ang pag-aaral na ito na masuri ang mga piling awitin ni Max Surban ayon sa sumusunod: genre, makabuluhang tampok batay sa tema, mga nangingibabaw na pagpapahalagang pantao batay sa pitong dimensyon nito at ang implikasyon ng paggamit ng mga lokal na awitin sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong pamamaraan, partikular ang pagsasagawa ng pagsusuring pangnilalaman (*content analysis*), sa labinlimang (15) piling awitin ni Max Surban na naging popular sa mga taong 1976-2015 na kakikitaan ng kultural na aspeto ng lahing Pilipino. Ang mga nasuring piling awitin ni Max Surban ay karaniwang napabibilang sa mga genre na *Popular (Novelty)* at *Country (Folk Music)*. Taglay ng mga awitin ang simpleng melodya at ritmikong tularan na nagbibigay nito ng katangiang pang-masa, at nagsasalaysay sa pabirong pamamaraan dahil sa taglay nitong komedya. Maliban dito, kakikitaan din ang nilalaman ng mga awitin ng paniniwala, kaugalian at pamumuhay ng lahing Pilipino. Taglay ng mga awitin ang makabuluhang tampok batay sa mga

© Patrice Mae M. Cabridas (2025). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang midyum o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

temang umiikot sa mayamang kultura ng mga Pilipino kagaya ng tradisyon, paniniwala, pagdiriwang, kaugalian, natatanging pagpapahalaga at kasaysayan ng lahi. Ang nangingibabaw na dimensyong pantao sa mga piling awitin ni Max Surban ay ang politikal – *pagpapahalaga sa pamanang kultura*. Makikita rin sa iilang awitin ang mayamang kasaysayan ng bansa at impluwensiya ng mga dayuhang mananakop sa mga kaugalian ng mga Pilipino na kanilang tinatangkilik pa rin sa kasalukuyan. Ang integrasyon ng mga awiting lokal bilang kagamitang pampagtuturo sa loob ng paaralan na kinapapalooban ng kaalamang kultural na magbibigay ng mga karanasang pampagkatuto sa mga mag-aaral na magdudulot ng mas personal, kawili-wili at makabuluhang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

## INTRODUKSYON

Mula noon, magkaugnay ang panitikan at lipunan, kung saan ang panitikan ay sumasalamin sa katotohanan ng buhay at mga aspeto ng lipunan tulad ng politika, sosyolohiya, at kasaysayan (Akhter, 2020). Nagsisilbing daluyan ito ng mga totoong nangyayari at dokumentasyon ng mga aspekto ng mundong ginagalawan sa paglipas ng panahon. Habang nagbabago ang lipunan, kasabay rin itong umuunlad ang panitikan.

Sa pag-aaral ng panitikang Pilipino, mahalaga ang pagtatatag ng kultura at ang pagkilala sa mga bagong akda at anyo ng sining (Hernandez, 2019). Ang pundasyon ng panitikang Pilipino ay nakaugat sa pagkakakilanlan ng lahi at sumasalamin sa natatanging kultura. Ang pag-aaral ng panitikan ay hindi lamang nakatuon sa mga akda kundi pati na rin sa mas malawak na pagsusuri ng mga prinsipyo, pagpapahalaga, at konteksto ng mayamang kultura, na kinabibilangan ng mga tradisyon, paniniwala, at pamumuhay ng komunidad.

Noon pa rin man, ang musika ay isang nagkakaisang kultural na penomenon sa buong kasaysayan ng sangkatauhan. Ang bawat kultural na kinagisnan ay nagdadala ng makabuluhang impormasyon tungkol sa kani-kanilang kultura at indibidwalidad. Ang layunin ng musika at mga awitin ay hindi lamang para makapagbigay ng kawilihan; sa katunayan ay naghahandog din ito ng malawak na pagkakaiba-iba sa kagamitang edukasyunal (Kumar et al., 2022). Nagpapahiwatig ito na sa kabila ng katangiang taglay ng mga awitin na magbigay ng kawilihan ay nagtataglay rin ito ng katangiang kultural ng isang lahi na maaaring gamitin sa edukasyunal na aspekto. Ang pagsasaalang-alang sa interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto sa pamamagitan ng paggamit ng mga awitin sa pag-aaral ng panitikan na kinapapalooban ng kultura ng kinabibilangang komunidad ay isang malaking tulong sa makabuluhang pagkatuto.

Tinatanaw ng *Sociocultural Theory* ni Lev Vygotsky na ang pag-unlad ng tao ay isang prosesong sosyal kung saan nakukuha ng mga bata ang kanilang kultural na pagpapahalaga, paniniwala, at mga estratehiya sa pagresolba ng mga problema sa pamamagitan ng kolaboratibong usapan sa mas marurunong

na mga miyembro ng lipunan. Ang teoryang ito ay kinabibilangan ng mga konseptong culture-specific tools, private speech at ang Zone of Proximal Development. Iginigiit ng teorya na ito na "learning is a necessary and universal aspect of the process of developing culturally organized, specifically human psychological function" (McLeod, 2020). Samakatuwid, mas nanguguna ang kaalamang sosyal bago ang pag-unlad ng isang tao. Pinaniniwalaan din ng teoryang ito na ang wika ay nadedebelop sa pamamagitan ng mga sosyal na interaksyon at tinatanaw ang wika bilang nangungunang instrumento sa pakikipagtalastasan sa mundong ginagalawan.

Makikita rin na sa humigit-kumulang na tatlo o apat na dekada, malaki na ang ginagampanan ng *Literary and Cultural Theory* sa mga pang-akademikong pag-aaral ng humanidades at agham panlipunan. Nagmulat ng kamalayan sa mga iskolar ang malawak na mga ginagamit na dulog at pananaw sa kahalagahan ng mga metodohohikal na isyu sa kritikal na pagsasanay. Ang mga kritisismo ay hindi lamang nakalimita sa pag-aaral ng panitikan: kundi napalawak pa ito dahil naisasali na rin ang antropolohiya, pilosopiya, sikolohiya, lingwistika, agham pampolitikal, at marami pang iba. Maliban pa sa mga nabanggit, ang panitikan na sumasailalim sa kritikal na analisis ng mga pampanitikang iskolar ay sumasaklaw na rin sa produksyong kultural, pampanitikan at di-pampanitikan (Groden, Kreiswirth, & Szeman, 2012).

Inilahad ni Sidney Simon sa kanyang *Values Clarification Theory* sa larangan ng edukasyon bilang interbensyon na kinabibilangan ng repleksibong personal, sosyo-kultural, at interpersonal na mga proseso kung saan tinutukoy ng isang indibidwal ang mga nakapaloob na pagpapahalaga na gagabay sa kanyang interes, pagpipilian, kilos, at reaksyon sa interpersonal at sosyal na konteksto (Kulich, S. & Chi, R. 2014). Samakatuwid, mahalaga ang pagsusuri hinggil sa mga ninanais at sinasaloob ng isang tao sa pamamagitan ng pagtingin sa prosesong nagaganap sa pagpapahalaga tungo sa produkto at awtput na nasasagawa nito bilang paglinang sa pagiging makatao.

Sa artikulo nina Hart, Oliviera at Pike (2019), ang pag-aaral ng panitikan ay may kakaiba at mahalagang ginagampanan sa pagtulong sa paghubog ng magandang asal sa mga mag-aaral. Naglalahad din ito ng mga ideya tungo sa kaunlaran ng edukasyon sa pangkatauhan na batay sa panitikan para sa hinaharap. Nakikita ang mahalagang papel ng pagtuturo ng panitikan sa kabuuang kaunlaran ng edukasyon sa pangkatauhan ng mga mag-aaral.

Makikita na ang edukasyon ay isa sa mga tulay upang maituro ang panitikan na isinasaalang-alang din ang mga aspekto nito kagaya ng kultural at iba pa. Ipinakita ni Alihuddin (2021) na ang pagtuturo at pagpepreserba ng mga kultural na pagpapahalaga at pamana sa pamamagitan ng integrasyon ng pagtuturo ng literatura sa kurikulum ay isa sa mga esensyal na komponent ng kalidad na edukasyon.

Samakatuwid, ang integrasyon ng pagtuturo ng panitikan ay magpapalakas sa kultural na preserbasyon tungo sa mas pinataas na kamalayan ng mga mag-aaral. Kapag mulat ang mga mag-aaral sa kanilang kultural na oryentasyon,

ang mga kultural na kinagisnan ay magiging isang salik tungo sa kaisahan ng komunidad.

Ipinakita ni Sebastian (2019) sa kanyang artikulo na isang mabisang interbensyong materyales ang paggamit ng mga awitin sa pag-aaral ng panitikan, partikular sa tula at prosa. Nabanggit din niyang kailangang isaaalang-alang ng mga guro at iba pang bahagi ng administrasyon ang kahalagahan ng motibasyon sa prosesong pagtuturo-pagkatuto.

Makikitang isang magandang behikulo ang mga awitin sa transmisyon ng kultura lalo na kung magkakaroon ito ng integrasyon sa pagtuturo. Sinabi nina Vishnevskaia at Zhou (2019) na nakatutulong ang paggamit ng musika sa pagtuturo lalo sa mga nakagagambalang pag-uugali ng mga mag-aaral tuwing klase, pagsasaulo sa mga bagong language patterns, upang mapadali ang asimilasyon ng gramatika ng mga mag-aaral, at bigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong magpahinga pagkatapos maisaulo ang isang komplikadong paksa nang hindi umaalis sa paksa ng aralin at tulungan ang mga mag-aaral na matutunan ang paggamit ng mga bagong salita.

Hindi lamang nakatutulong ang mga awitin bilang daluyan ng kultura kundi isang mainam din itong kagamitan sa pagpapaunlad ng wika ng isang indibidwal. Nakakatulong ito sa mas madaliang asimilasyon ng mga kaalaman.

Iminungkahi rin ni Lewis (2020) na ang mga kabataang guro, na lumaki sa digital na teknolohiya, ay natatanging nakaposisyon upang mapadali ang multimodal na pamamaraan ng pagtuturo ng musikang popular. Naninindigan ang mananaliksik na ang kasalukuyang edukasyon ng mga guro ng musika ay hindi sapat na bumuo sa mga karunungang digital at ugnayan ng mga mag-aaral at nagmumungkahi ng mga paraan upang matugunan ng mga programa ang agwat na ito.

Dulot ng modernisasyon, dapat taglayin din ng guro ang pagiging malikhain lalo na sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo. Ito ay nakakatulong upang matugunan ang interes at pangangailangan ng kasalukuyang henerasyon ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng mga awitin sa pagtuturo ng panitikan ay tumutugon dito at humuhubog din sa iilang makrong kasanayan kagaya na lamang ng pakikinig.

Sa pag-aaral nina Ashrafuzzaman et al. (2021) na pinamagatang "Learning English Language through Literature: Insights from a Survey at University Level in Bangladesh" na tunay na may malaking ginagampanan ang paggamit ng panitikan sa paghubog ng kaalaman at kasanayan sa wika na nagsisilbing materyales na nagbibigay ng tunay na konteksto at motibasyon sa pagkatuto ng wika.

Inilahad nina Ibragimova at Kadyrova (2021) sa kanilang pag-aaral na "Developing Intercultural Competence: A Model Based On Introducing A Literary Analysis In A Foreign Language Classroom" ang kahalagahan ng paghubog sa interkultural na kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng panitikan. Ang kanilang modelo ay nagpakita ng positibong resulta sa pag-unlad ng kasanayang ito, na pumupukos sa kaalaman, kakayahan, sistema

ng pagpapahalaga, repleksyon, at positibong saloobin patungo sa kulturang pinag-aaralan.

Samantala, sa pag-aaral ni Navalta (2021) na "Deepening of Learners' Knowledge and Learning Experiences through Contextualization and Localization Theory," natuklasan na nagkaroon ng mas malalim na pang-unawa ang mga mag-aaral sa mga contextualized at localized assessment tools na binuo batay sa kanilang kapaligiran at mga lokal na isyu. Inirekomenda niyang magsagawa ng mga ganitong estratehiya at balangkas ang mga guro, espesyalista ng kurikulum, at mga administrador, lalo na sa panahon ng pandemya.

Sa kabilang banda, sa larangan naman ng pagtuturo ng panitikan, laganap na rin ang positibong tugon sa paggamit ng kontekstwalisasyon. Batay sa pag-aaral nina Suganob et al. (2021) na pinamagatang "Exploring the Students' Experience in Learning Literature: Challenges Of Contextualization", natuklasan na upang masiguro ang pamilyaridad ng mga mag-aaral sa mga paksa, kinakailangang mapapanaligan at naisalokal na mga materyales ang gagamitin sa pagtuturo ng panitikan. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga naisalokal na mga bahagi ng panitikan ay mas naabot na ang inaasam na realidad ng pagkakaroon makahulugang karanasan at panghabambuhay na pagkatuto.

Sang-ayun din si Wijaya (2019) sa kanyang pag-aaral na "The Effectiveness of Songs for Teaching Speaking" ay nailahad na ang mga awitin ay isa sa mga mabisang midyum sa pagtuturo ng wika na maaaring gawing alternatibong metodo sa pagtuturo lalo na sa kasanayang pagsasalita. Nakita ang benepisyo ng paggamit ng mga awitin sa paghubog sa kakayahan ng mga mag-aaral na magsalita. Nahuhubog din ng paggamit ng mga awitin ang kakayahan sa pagsasalita. Dahil nga ang pag-awit ay gumagamit ng bibig at salita, napapaunlad nito ang dating kasanayan ng mag-aaral sa pagsasalita sa malikhaing paraan.

## METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng kwalitatibong pamamaraan, partikular sa pagsusuring pangnilalaman (content analysis) ng labinlimang awitin ni Max Surban, ang kilalang "King of Visayan Songs." Ang mga napiling awitin, na inilabas mula 1976 hanggang 2015, ay sinuri batay sa kanilang genre, mga makabuluhang tema, at mga pagpapahalagang kultural na nakapaloob dito, kabilang ang mga dimensyong pisikal, intelektwal, ispirituwal, sosyal, moral, ekonomik, at politikal. Layunin ng pag-aaral na tukuyin ang implikasyon ng paggamit ng mga lokal na awitin sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at bumuo ng mungkahing gabay ng pagtuturo na naglalaman ng mga estratehiya at gawain upang mapaunlad ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral. Ang resulta ng pagsusuri ay magsisilbing batayan para sa mga guro sa pagpapabuti ng pagtuturo gamit ang mga awiting ito.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Sa bahaging ito ay tatalakayin ang paglalahad, pagsusuri at interpretasyon ng mga datos batay sa mga nakuhang resulta. Kasama rito ang pagsusuri sa mga piling awitin ni Max Surban.

Ilalahad din sa bahaging ito ang pagtalakay sa limang mahahalagang suliranin na binibigyang-diin sa pag-aaral na isinagawa: una, ang pagtukoy sa genre ng mga piling awitin; ikalawa, ang pagtukoy sa makabaluhang tampok ng bawat piling awitin batay sa tema; ikatlo, ang pagsusuri at pagtukoy sa nangingibabaw na dimensyong pagpapahalaga sa mga piling awitin; ikaapat, ang pagtukoy sa implikasyon ng mga kinalabasan ng pag-aaral sa paggamit ng lokal na mga awitin sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; at panghuli, ang pagbuo ng mungkahing gabay ng pagtuturo.

### Genre ng mga Piling Awitin ni Max Surban

Sa bahaging ito ay tatalakayin ang mga piling awitin ni Max Surban ayon sa kinabibilangang genre.

Natukoy ang iba't ibang genre ng musika ng bawat awitin na kakikitaan ng mga natatanging katangian ang bawat isa. Malaki ang maitutulong ng pag-uuri ng musika upang malutas ang mga kaugnay na isyu sa pagsusuri ng mga awitin.

Ang mga nasuring piling awitin ni Max Surban ay karaniwang napabibilang sa mga genre na **Popular (Novelty)** at **Country (Folk Music).** Ito ay nangangahulugang ang mga awitin ay nagtataglay ng mga simple at nakaka-agaw pansin na melodya at ritmikong tularan na nagbibigay nito ng katangiang pang-masa, at nagsasalaysay sa mga pangyayari sa loob ng awitin sa pabirong pamamaraan dahil sa taglay nitong komedya. Maliban dito, kakikitaan din ang nilalaman ng mga awitin ng paniniwala, kaugalian at pamumuhay ng lahing Pilipino.

Ang mga natuklasan sa isinagawang pagsusuri sa genre ng mga piling awitin ni Max Surban ay may kaugnayan sa artikulong pinamagatang Journal of Philippine Music ni Buenconsejo (2020) na gumigiit na noong 1950s, ang genre na "popular" ay nangahulugang produkto ng recording industry or komersyong kapitalismo na naglalayon tungo sa produksyon, sirkulasyon, at konsumpsyon nito. Sa kasalukuyan ay ginagamit na ang terminong ito batay sa nabanggit na pagpapakahulugan na nakaugat pa noong 1990s sa tulong na rin ng pag-usbong ng teknolohiya. Sa larangan ng OPM Industry, ang mga recording mula sa Manila ay nagbigay-inspirasyon sa mga musikero mula sa mga probinsya kagaya ni Max Surban na bumuo ng mga awitin na ginagamitan ng mga idyoma ng musika na malapit sa puso at tainga ng masa.

Sa larangan ng industriya ng musika sa bansa, ang mga piling awitin ni Max Surban ay makikitang madalas na napabibilang sa genre na Popular na kadalasang nauuri rin sa Novelty dahil sa taglay nitong pagsasalaysay sa mga

pangyayari sa loob ng awitin na kakikitaan ng komedya na tinatangkilik ng masa.

**Makabuluhang Tampok ng Piling Awitin ni Max Surban Batay sa Tema**

Ilalahad sa bahaging ito ang makabuluhang tampok ng mga piling awitin ni Max Surban batay sa temang nangingibabaw sa bawat awitin: Albularyong Buta (*tradisyunal na panggagamot*), Ang Manok ni San Pedro (*pananabong at pananampalatayang Kristiyanismo*), Barkong Karaan (*serbisyo at tungkulin ng mga opisyales ng barko*), Birthday Party (*kaugalian tuwing pagdiriwang ng kaarawan ng mga Pilipino*), Combo Lata (*pagdiriwang gamit ang mapamaraan, malikhain, at lokalisadong instrumentong pangmusika ng isang komunidad*), Di Na Gyud Ko Mousab (*katangian ng pagiging matatag ng mga Pilipino*), Discoral (*makalumang aliwang sayawan sa probinsya*), Gugma vs Kwarta (*matalinong pagpapasya tungo sa isang relasyon*), Igo Na Day (*pag-ibig na nagsusumamo*), Kuntis sa Hambog (*kaugaliang inuman at kuwentuhan ng mga Pilipino*), Kuradang (*katutubong sayaw ng mga Bisaya*), Libakera (*pampalipas-oras na gawain ng mga Pilipino*), Mr. Kodaker (*pagpapahalaga sa alaala ng mga pagdiriwang gamit ang pagkuha ng mga larawan*), Sabungero (*makasaysayang pagsusugal at mga kaugalian nito*), at Unang Pagtan-aw sa Sine (*karanasan sa sinaunang panonood ng pelikula*).

Batay sa analisis sa makabuluhang tampok ng mga piling awitin ni Max Surban batay sa tema, makikita ang karaniwan at nangingibabaw na tema ng mga awitin. Ito ay kakikitaan ng mga temang umiikot sa **mayamang kultura ng mga Pilipino** kagaya ng tradisyon, paniniwala, pagdiriwang, kaugalian, natatanging pagpapahalaga at kasaysayan ng lahi. Nagpapahiwatig ito na taglay ng mga piling awitin ni Max Surban ang pagpapahalaga sa kultural na aspeto ng bansa at sa pagpepreserba nito sa pamamagitan ng musika.

Ang mga natuklasan ay may kaugnayan sa pahayag ni Mandado (2020), sa kanyang artikulong Ang Penomenong Awiting Visayan popular o (VisPop) sa kabataang Sebwano at Iilang Usaping Wika at Kultura na naglalahad na ang paggamit ng lokal at kontekstwalisadong araling pangwika ay mayaman sa panlipunang ugnayan at napapadali ang pagkatuto ng tao sa impormasyon ng pagpapalaganap at paggamit ng sariling wika. Maituturing ang mga ito na ambag ng panlipunang Pilipino sa pangwika at pampantikang unibersal na phenomenon.

Mahalaga ang patuloy na pagpapahalaga sa sariling wika lalo na ang paggamit nito bilang midyum sa pagkatuto sa pamamagitan ng paggamit ng lokalisadong materyales. Ang paggamit sa mga piling awitin ni Max Surban na kakikitaan ng mga tradisyon, kultura, at pamumuhay ng mga Pilipino ay magbibigay ng kontektwalisadong materyales sa pagtuturo. Napapaunlad nito ang sariling wika sa pamamagitan ng pagtangkilik sa sariling panitika tungo sa pagpapahalaga sa panitikan ng kabuuang lahi.

**Pagsusuri sa Pagpapahalagang Pantao sa mga Piling Awitin ni Max**

**Surban**

Maituturing na tulay ang mga anyo ng panitikan sa pagpapakita ng mga pagpapahalaga at balyus na ito sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa nilalaman nito. Higit na mauunawaan ang mga taglay na pagpapahalaga at balyus ng panitikan sa pagtukoy nito batay sa nailahad na mga pangyayari, karanasan, at kasaysayan ng sumusunod na mga awitin.

**Pisikal.**

Ang mga pagpapahalaga sa ilalim ng dimensyong pisikal ay nakatuon sa pagpapahalagang may kaugnayan sa *kalusugan* at *pakikipag-ugnayan sa kalikasan*.

Kakikitaan ang mga piling awitin ni Max Surban ng pagpapahalaga sa dimensyong pisikal. Narito ang sumusunod: Albularyong Buta (*pangkalahatang kalusugan; kaanyuan*), Ang Manok ni San Pedro (*paggalang sa buhay*), Barkong Karaan (kaanyuan), Birthday Party (*paggalang sa buhay*), Combo Lata (*sining*), Di Na Gyud Ko Mousab (*pangkalahatang kalusugan*), Discoral (*pangangalaga sa kalikasan*), Gugma vs Kwarta (*pangkalahatang kalusugan*), Igo Na Day (*pangkalahatang kalusugan*), Kuntis sa Hambog (*sining*), Kuradang (*sining*), Libakera (*kaanyuan*), Mr. Kodaker (*sining*), Sabungero (*sining*), at Unang Pagtan-aw sa Sine (*sining*).

**Intelektuwal.**

Ang dimensyong intelektuwal ay kinapapalooban ng mga pagpapahalagang kaugnay sa *katotohanan* at *toleransya*.

Makikita ang pagpapahalaga ng mga piling awitin ni Max Surban sa dimensyong intelektuwal ayon sa sumusunod: Albularyong Buta (*pagiging bukas at paggalang sa iba*), Ang Manok ni San Pedro (*pagmamahal sa katotohanan*), Barkong Karaan (*kritikal na pag-iisip*), Birthday Party (*pagiging bukas at paggalang sa iba*), Combo Lata (*pagkamalikhain*), Di Na Gyud Ko Mousab (*kaisipang panghinaharap*), Discoral (*pagkamalikhain*), Gugma vs Kwarta (*pagiging bukas at paggalang sa iba; kaisipang panghinaharap*), Igo Na Day (*pagiging bukas at paggalang sa iba*), Kuntis sa Hambog (*pagkamalikhain*), Kuradang (*pagkamalikhain*), Mr. Kodaker (*pagkamalikhain*), Sabungero (*kritikal na pag-iisip*), at Unang Pagtan-aw sa Sine (*pagkamalikhain*).

Ang awiting *Libakera* ay hindi nakitaan ng pagpapahalaga sa ilalim ng dimensyong ito.

**Moral.**

Ang mga pagpapahalaga sa ilalim ng dimensyong moral ay pumupukos sa balyus na may kaugnayan sa *pag-ibig* at *kabutihan*.

Kakikitaan ang mga piling awitin ni Max Surban ng pagpapahalaga sa dimensyong moral. Narito ang sumusunod: Albularyong Buta (*pagtitiwala*), Ang Manok ni San Pedro (*pagtitiwala*), Barkong Karaan (*pagmamalasakit sa iba*), Birthday Party (*pagmamalasakit sa iba*), Combo Lata (*personal*), Di Na Gyud Ko Mousab (*pagkakaroon ng lakas ng loob*), Discoral (*personal*), Gugma vs Kwarta (*sariling pagpapahalaga*), Igo Na Day (*personal*), Kuntis sa Hambog (*pagkakaroon ng lakas ng loob*), Kuradang (*personal*), Mr. Kodaker (*pagtitiwala*),

Sabungero (*pagkakaroon ng lakas ng loob*), at Unang Pagtan-aw sa Sine (*pagkakaroon ng lakas ng loob*).

Ang awiting *Libakera* ay hindi nakitaan ng pagpapahalaga sa ilalim ng dimensyong ito.

**Ispiritwal.**

Ang dimensyong isipirtwal ay nakapokus sa mga pagpapahalaga na naiuugnay sa mga balyus ng *pandaigdigang ispiritwalidad*.

Narito ang sumusunod na pagpapahalaga na makikita sa mga piling awitin: Albularyong Buta (*panrelihiyong pagpapaubaya*), Ang Manok ni San Pedro (*panrelihiyong pagpapaubaya*), Birthday Party (*kaibutirang kapayapaan*), Combo Lata (*pagkakaisa ng lahat*), Discoral (*pagkakaisa ng lahat*), Kuradang (*pagkakaisa ng lahat*), Mr. Kodaker (*pagkakaisa ng lahat*), at Sabungero (*pananalig sa Diyos*).

Hindi nakitaan ng pagpapahalaga sa dimensyong ispiritwal ang mga awiting *Barkong Karaan*, *Di Na Gyud Ko Mousab*, *Gugma vs Kwarta*, *Igo Na Day, Kuntis sa Hambog*, Libakera, at *Unang Pagtan-aw sa Sine*.

**Sosyal.**

Ang mga pagpapahalaga sa ilalim ng dimensyong sosyal ay pumupukos sa mga pagpapahalaga na may kaugnayan sa *kalusugan* at *pakikipag-ugnayan sa kalikasan*.

Makikita ang pagpapahalaga ng mga piling awitin ni Max Surban sa dimensyong sosyal ayon sa sumusunod: Albularyong Buta (*paggalang sa karapatang pantao*), Ang Manok ni San Pedro (*pagiging makatarungan*), Barkong Karaan (*pagmamalasakit para sa kabutihan; pananagutang sosyal*), Birthday Party (*pagkakaisa ng pamilya*), Combo Lata (*malikhain at mabuting pakikisama*), Di Na Gyud Ko Mousab (*pagiging responsableng magulang*), Discoral (*malikhain at mabuting pakikisama*), Gugma vs Kwarta (*pananagutang sosyal*), Igo Na Day (*pagtataguyod ng kawalan ng karahasan*), Kuntis sa Hambog (*malikhain at mabuting pakikisama; pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba*), Kuradang (*malikhain at mabuting pakikisama*), Libakera (*pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba*), Mr. Kodaker (*pananagutang sosyal*), Sabungero (*pagkakaisa ng pamilya*), at Unang Pagtan-aw sa Sine (*pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba*).

**Ekonomik.**

Ang dimensyong ekonomik ng pagpapahalagang pantao ay kinapapalooban ng mga pagpapahalaga na pumupukos sa *pagpapatuloy sa kaunlarang pantao*.

Narito ang sumusunod na pagpapahalaga na makikita sa mga piling awitin: Albularyong Buta (*matalinong paggamit ng yaman*), Ang Manok ni San Pedro (*balanse sa pagitan ng pang-ekonomiko at panlipunang kaunlaran*), Barkong Karaan (*etika ng pagseserbisyo*), Combo Lata (*matalinong paggamit ng yaman*), Di Na Gyud Ko Mousab (*responsableng konsumerismo*), Discoral (*matalinong paggamit ng yaman*), Gugma vs Kwarta (*diwa ng kalakalan*), Kuntis sa Hambog (*matalinong paggamit ng yaman*), Mr. Kodaker (*matalinong paggamit ng yaman; etika ng pagseserbisyo*), Sabungero (*matalinong paggamit ng yaman*), at Unang Pagtan-aw sa Sine (*pagiging produktibo at kalidad*).

Ang mga awiting *Birthday Party*, *Igo Na Day*, *Kuradang* at *Libakera* ay hindi nakitaan ng pagpapahalaga sa ilalim ng dimensyong ekonomik.

**Politikal.**

Ang mga pagpapahalaga sa ilalim ng dimensyong politikal ay nakapokus sa mga pagpapahalaga tungkol sa *pagkamakabayan* at *pandaigdigan*.

Kakikitaan ang mga piling awitin ni Max Surban ng pagpapahalaga sa dimensyong politikal. Narito ang sumusunod: Albularyong Buta (*pagpapahalaga sa pamanang kultura*), Ang Manok ni San Pedro (*pagpapahalaga sa pamanang kultura*), Barkong Karaan (*pamumunong may dedikasyon*), Birthday Party (*pagpapahalaga sa pamanang kultura*), Discoral (*pagpapahalaga sa pamanang kultura; aktibong partisipasyon*), Kuntis sa Hambog (*pagpapahalaga sa pamanang kultura*), Kuradang (*pagpapahalaga sa pamanang kultura; aktibong partisipasyon*), Libakera (*kalayaan at pananagutan*), Mr. Kodaker (*pagpapahalaga sa pamanang kultura*), Sabungero (*pagpapahalaga sa pamanang kultura*), at Unang Pagtan-aw sa Sine (*pagpapahalaga sa pamanang kultura*).

Hindi nakitaan ng pagpapahalaga sa dimensyong politikal ang mga awiting *Combo Lata*, *Di Na Gyud Ko Mousab*, *Gugma vs Kwarta*, at *Igo Na Day*.

Ang mga natuklasang nangingibabaw na mga pagpapahalaga sa mga piling awitin ni Max Surban ay may kaugnayan sa pahayag nina Hidayati et al. (2020) na ang pagtuturo ng pagpapahalagang edukasyon sa mga mag-aaral na nakabatay sa lokal na karunungan ay maaaring gawin sa pamamagitan ng integrasyon ng mga pagpapahalaga at sining sa kurso. Ang pagbibigay-empasis sa layunin ng paghahatid ng pagpapahalaga sa mga programa ng paaralan ay maaari ring makamit sa pamamagitan ng pormulasyon ng edukasyunal na estratehiya na kinabibilangan ng pagsasabuhay, pagbuo ng modelo at internalisasyon ng mga pagpapahalaga, integrasyon nito sa pagtuturo, at pagsali sa kultural na halaga nito.

Ito ay nagpapahiwatig sa kahalagahan ng pagtuturo ng mga pagpapahalaga sa mga mag-aaral na maaaring isagawa sa integrasyon nito sa pagtuturo. Ang paggamit ng mga piling awitin ni Max Surban sa pagtuturo ay hindi lamang nakasentro sa paggamit ng kontekstwalisadong materyales sa pagtuturo, kundi kakikitaan din ito ng mga pagpapahalaga at kultural na aspekto ng kinabibilangang komunidad na magbibigay ng kalidad at holistik na karanasang pampagakatuto sa mga mag-araal.

## Implikasyon ng Paggamit ng mga Lokal na Awitin sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

Isang esensyal na sangkap sa layuning pagkamit ng kalidad na edukasyon ang paggamit ng iba't ibang karanasang pampagkatuto sa loob ng paaralan upang maging makabuluhan at angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral na isinasaalang-alang ang kanilang interes at motibasyon sa pagkatuto.

Ang paggamit ng mga piling awitin ni Max Surban, na nagtataglay ng mga awiting nasa unang wika, bilang instruksyonal na materyales sa pagtuturo

ng asignaturang Filipino ay bahagi ng pagsasaalang-alang sa isa sa mga probisyon ng K-12 Curriculum – ang Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE). Ang programang ito ng kasalukuyang kurikulum sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas ay yumayakap sa pagpapahalaga ng paggamit ng unang wika tungo sa mas makabuluhang pagkatuto.

Malaki ang ginagampanan ng mga guro sa pagpili ng mga kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ng asignatura dahil nangangailangan ito ng katangiang pagiging malikhain at taglay ang malawak na kaisipang gumamit ng mga metodong nakasentro sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang interaksyon, kolaborasyon, at buong partisipasyon sa mga gawaing nakahanda para sa kanila. Ito ay sumasang-ayon sa teoryang Experiential Learning ni Kolb (1984) na nagsasaad na ang karanasan ay kritikal sa pagbuo ng kaalaman, lalo na kung ang pagkatuto ay nangyayari sa pamamagitan ng pagtuklas at aktibong pakikilahok. Dagdag pa niya, ang pagkatuto ay "ang proseso kung saan ang kaalaman ay nilikha sa pamamagitan ng transpormasyon ng karanasan."

Ang makabuluhang karanasang mabubuo sa pagitan ng guro at mag-aaral gamit ang mga lokal na awitin, kagaya ng mga piling awitin ni Max Surban, sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay maisasakatuparan dahil sa personal na ugnayan ng mga mag-aaral at ng mga piling awitin at kanilang pakikilahok sa mga gawaing kaugnay rito. Ang mga awiting ito ay nagtataglay rin ng mayamang kultura na nagbibigay ng kabatiran at kamalayan lalo na sa mga mag-aaral ng kasalukuyang henerasyon.

Maliban sa mga nabanggit, isang pagtangkilik sa mga lokal na anyong panitikan at pagbibigay ng rekognisyon sa Bisayang mang-aawit na si Max Surban ang paggamit ng kanyang mga piling awitin sa integrasyon nito sa pagtuturo ng asignatura. Sa pamamagitan ng utilisasyon ng mga awitin sa pagtuturo ay magbubunga ito ng karanasang pampagkatuto ng mga aralin na mas personal dahil sa ito ay gumagamit ng unang wika at kakikitaan ng pagpapahalagang kultural ng mga mag-aaral, interaksyunal dahil magiging lunsaran ito ng mga gawaing nangangailangan ng kooperasyon at partisipasyon, at makabuluhan sa kawili-wiling paraan tungo sa epektibo at kalidad na prosesong pagtuturo-pagkatuto.

## KONGKLUSYON

Ang mga awitin ni Max Surban ay kabilang sa genre ng Popular (Novelty) at Country (Folk Music), na may simpleng melodya, ritmikong tularan, at lirikong komedya. Ang mga ito ay sumasalamin sa kultura at pamumuhay ng mga Pilipino, nagiging instrumento ng aliw at pagpapahayag ng damdamin, at naglalarawan ng karaniwang tema tulad ng paniniwala, pagdiriwang, at kaugalian. Ang mga awitin ay nagpapakita ng pitong dimensyong pantao—pisikal, intelektuwal, moral, ispiritwal, sosyal, ekonomik, at politikal—na may nangingibabaw na dimensyong politikal na nagpapahalaga sa pamanang

kultura.

Mula sa pag-aaral, nabuo ang mungkahing gabay ng pagtuturo na naglalayong isama ang mga lokal na awitin bilang mga kagamitang pampagtuturo sa paaralan, na makatutulong sa pagbuo ng kaalamang kultural at pagkilala kay Max Surban. Ang kaalamang ito ay mahalaga upang maipasa sa susunod na henerasyon at upang ang mga mag-aaral ay magkaroon ng mas malalim na pagkakaunawa sa kanilang pambansang identidad. Sa ganitong paraan, naipapakita ang pagtangkilik sa sariling panitikan na humuhubog sa damdaming nasyonalismo at nag-aambag sa preserbasyon ng mayamang kultura ng lahing Pilipino sa kalidad na edukasyon.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga nailatag na mga konklusyon ng pananaliksik, iminumungkahi ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Pagbabahagi sa mga guro ng nabuong mungkahing gabay ng pagtuturo na magsisilbing sanggunian upang maisakatuparan ang layunin nito na makapagturo gamit ang kontekstwalisadong materyales sa loob ng klase.
2. Ibahagi ang isinagawang pananaliksik bilang batayan ng paggamit ng mga piling awitin ni Max Surban bilang kagamitang pampagtuturo ng asignaturang Filipino na kalalakipan ng pagpapahalaga sa unang wika at pagtalakay sa mga nilalamang pagpapahalagang kultural nito.
3. Nararapat na maging isa sa mga paksa ng isinasagawang buwanang Learning Action Cells (LAC) session ng mga guro ang kahalagahan ng paggamit ng kontekstuwalisasyon sa pagtuturo dahil magbibigay ito ng estratehiya sa pagtuturo na nakapokus sa mas mabisa at personal na pagkatuto ng mga mag-aaral.
4. Hikayatin ang mga guro at mag-aaral sa Filipino na magsagawa ng mga panunuring pampanitikan upang mapalago ang kanilang kasanayan at maisagawa ang kritikal na pagsusuri sa mga akdang pampanitikan na magbibigay ng karagdagang kaalaman mula sa mga matutuklasan.
5. Ikintal sa isipan ng mga mag-aaral ang kahalagahan sa pag-aaral at pangangalaga ng mga sariling lokal na akdang pampanitikan na magpapakita ng kanilang pagiging mamamayang may kamalayan at damdaming makabayan.
6. Para sa mga mananaliksik sa hinaharap, magsagawa ng pananaliksik sa iba pang awiting lokal sa sariling komunidad na maaaring kapapalooban ng mga awiting bayan na mayaman sa aspektong kultural at pagpapahalaga ng mga Pilipino.
7. Magsagawa ng koordinasyon sa lokal na pamahalaan (Local Government Units) upang makalikom ng iba pang mga akdang pampanitikan na nasa unang wika na taglay ng sariling komunidad na maaaring pag-aralan upang maipreserba at maibahagi ito sa kasalukuyan at susunod na henerasyon.
8. Para sa mga guro at mag-aaral, magsagawa ng mga kaugnay na pagsusuring

pampanitikan na pumupukos sa mga lokal na piyesa ng mga rehiyon ng bansa bilang pagpapakita ng karampatang pagpapahalaga sa mga ito at mapanatili ang taglay na sining at kaalaman sa hinaharap.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Akhter, T. (2020). Literature and society: a critical analysis of literary text through contemporary theory. Vol. 12, No. 3, 2228-2234. https://bit.ly/3xHsG8u

Alihuddin, N. (2021). Integration of Tausug literature in Filipino course: The case of MSU-Sulu. Indonesian Community Empowerment Journal, 1(2), 87–99. https://icejournal.com/index.php/icejournal/article/view/13

Ashrafuzzaman, M. et al. (2021). Learning English language through literature: Insights from a survey at university level in Bangladesh. https://bit.ly/3rL7MBJ

Buenconsejo, J. (2020). Journal of Philippine music. University of the Philippines. https://bit.ly/3BjvxWa

Groden, M., Kreiswirth, M., & Szeman, I. (2012). Contemporary literary and cultural theory: The Johns Hopkins Guide. The Johns Hopkins University Press. https://bit.ly/3s3cCLe

Hart, P., Oliveira, G., & Pike, M. (2019). Teaching virtues through literature: learning from the 'Narnian Virtues' character education research. Retrieved from: https://bit.ly/3tMCewM

Hernandez, R. (2019). Ang panitikang popular sa pagtuturo ng Filipino sa ika-anim na baitang sa ikalawang distrito, klaster 5 ng dibisyon ng lungsod ng Calamba: isang batayan sa pagbuo ng mungkahing gawain. Vol. 3 No. 2C: Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts. https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/5329

Ibragimova, A., & Kadyrova, A. (2021). Developing intercultural competence: a model based on introducing a literary analysis in a foreign language classroom. https://bit.ly/36zYzEY

Kolb, D.A. (1984). Experiential learning: Experience as the source of learning and development. Englewood Cliffs, NJ: Prentice Hall. https://bit.ly/3FdxJzv

Kulich, S., & Chi, R. (2014). Values clarification. https://bit.ly/3NpZXKU

Kumar et al. (2022). Use of music and songs as pedagogical tools in teaching English as foreign language contexts. Education Research International, vol. 2022, Article ID 3384067. https://www.hindawi.com/journals/edri/2022/3384067/

Lewis, J. (2020). How children listen: Multimodality and its implications for K-12 music education and music teacher education. https://bit.ly/3xO1AyZ

Mandado, J. (2020). Ang penomenong awiting Visayan popular o (VisPop) sa kabatang Sebwano at ilang usaping wika at kultura. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), Volume-4, Issue-11, pp-188-195. https://bit.ly/3tOXG3S

McLeod, S. (2020). Vygotsky's sociocultural theory of cognitive development. https://bit.ly/3HOk4A9

Navalta, C.J. (2021) Deepening of learners' knowledge and learning experiences through contextualization and localization theory. Department of Education- Nueva Vizcaya, Nueva Vizcaya, Philippines. https://bit.ly/3LexFB5

Sebastian, M.F. (2019). Using songs as springboard to teaching poetry and narratives towards improved comprehension. International Journal of Academic and Applied Research. https://bit.ly/3K9mpoz

Suganob, J., & Oliva, E.R. (2021). Exploring the students' experience in learning literature: Challenges of contextualization. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). https://bit.ly/3iAJ9T8

Vishnevskaia, M., & Zhou, Z. (2019). The impact of using music and songs on teaching EFL in China by non-native English teachers. Universal Journal of Educational Research 7(8):1808-1813. https://bit.ly/3Dg46fy

Wijaya, T. (2019). The effectiveness of songs for teaching speaking. Information Technology, Universitas Muhammadiyah Yogyakarta. https://bit.ly/3Nn7v13